# KAPASIYAHAN BLG. 2025-163

**"NAGPAPATIBAY SA KAUTUSAN BLG. 01-2025 NG BARANGAY POBLACION NA MAY PAMAGAT NA 'ISANG KAUTUSANG NAGPAPATIBAY NA MULING IPA-AYOS ANG POSTE NG BANDILA KASAMA ANG LUGAR NA KINATATAYUAN NITO AT ISANG WAITING SHED NA MAGSISILBING LUGAR HINTAYAN NG MGA MAGULANG NG MGA BATANG MAG-AARAL NG BARANGAY DAYCARE 2 & 3'."**

---

*Sa Pagtataguyod ni:*

**Igg. Engr. Gliceria M. Perez**
*Tagapangulo*
**Pinagsanib na Lupon sa Imprastraktura, Pagawaing-Bayan, Pangangalaga sa Kapaligiran at Pagbabago ng Panahon, Lupon sa Usaping Pambarangay, Kapayapaan, Kaayusan, Kaligtasang Pambayan, at Pamamahala sa Panganib ng Sakuna**
at
**Lupon sa mga Alituntunin, Prebilehiyo, Usaping Pambatas, Serbisyo Sibil, Mabuting Pamamahala, Kabuhayan, Paggawa at Karapatang Pantao**

---

**SAPAGKA'T,** batay sa mga rekord na nasa Sangguniang Bayan, ay walang umiiral o dating ordinansa na may kaugnayan sa flagpole; kaya't anumang pangamba ukol sa posibleng paglabag sa naunang ordinansa ay walang sapat na batayan, sapagkat walang naturang ordinansa na naipabatid o naisumite sa Sangguniang Bayan;

**SAPAGKA'T,** kinakailangang paunlarin ang lumang flagpole upang maging mas moderno at matibay ang estruktura nito, bilang pagpupugay sa dangal ng ating pambansang simbolo at upang mapaganda at mapahusay ang kaayusan at gamit ng nasabing lugar;

**SAPAGKA'T,** ang kasalukuyang kalagayan ng flagpole at paligid nito ay may mga sirang bahagi at hindi na akma sa tamang gamit, na nagdudulot ng panganib at abala sa mga mamamayan, kaya't nararapat lamang itong kumpunihin at pagandahin para sa kaligtasan at kaginhawaan ng lahat.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. ENGR. GLICERIA M. PEREZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA,** ng Sangguniang Bayan na pagtibayin ang Kautusan Blg. 01-2025 ng Barangay Poblacion na may pamagat na "Isang Kautusang Nagpapatibay na Muling Ipa-ayos ang Poste ng Bandila Kasama ang Lugar na Kinatatayuan Nito at Isang Waiting Shed na Magsisilbing Lugar Hintayan ng mga Magulang ng mga Batang Mag-aaral ng Barangay Daycare 2 & 3.".

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-06 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Kyle Gabrielle DR. Navarro**
Kasangguni

**Romeo B. Cabalquinto**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Engr. Gliceria M. Perez**
Kasangguni

**Raymond R. Perez**
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay

**Mel Ryan P. Juan**
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan

**Martin SJ. Angeles, MMPA**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-06 ng Oktubre taong Dalawanlibo Dalawampu't Lima.

**Atty. Gerardo S. Briasa**
Kalihim